# Ang Iyong Mga Karapatan at Mga Pagpipilian para sa isang Medikal na Porensikong Eksaminasyon

## Ano ang Medikal na Porensikong Eksaminasyon?

Ang isang espesyal na sinanay na doktor, advanced practice provider, o nars (provider) ay magsasagawa ng isang medikal na porensikong eksaminasyon kapag ang isang tao ay sekswal na hinalay o inabuso. Ang medikal na porensikong eksaminasyon ay isang pagsusuri mula ulo hanggang paa na naghahanap ng mga pinsala at ebidensya na maaaring gamitin sa isang imbestigasyon ng pulisya at pag-uusig. Maaaring kabilang sa sekswal na panghahalay o pang-aabuso ang anumang hindi ninanais na paghipo o paghimas sa ilalim o sa ibabaw ng damit ng ilang bahagi ng iyong katawan; sekswal na penetrasyon o sekswal na paghaplos; ang paglipat ng tamod sa mga bahagi ng katawan; at mga gawaing sekswal na kinabibilangan ng mga menor de edad.

Ang isang porensikong eksaminasyon ay maaaring tumagal ng 2 hanggang 6 na oras, depende sa mga uri ng mga kabilang na serbisyo, pagtatasa ng pinsala at ebidensya na kokolektahin. Ang pag-eeksamin ay magaganap sa isang ospital o isang aprubadong pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan. Kung mayroon, ang ospital o aprubadong pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan ay kokontak ng isang rape crisis counselor para kausapin ka tungkol sa eksaminasyon at sa iyong mga opsyon. Maaari ring samahan at suportahan ka ng counselor sa buong eksaminasyon. Maaari ka ring samahan at suportahan ng tao na iyong pinili sa buong eksaminasyon.

Bago magsimula ang eksaminasyon, talakayin sa doktor o nars ang anumang mga angangailangan mo, tulad ng mga alalahanin sa trabaho o pangangalaga ng bata. Ititigil ng doktor o nars ang eksaminasyon anumang oras kung magdulot ito sa inyo ng mental o emosyonal na pagkabahala.

### Ang layunin ng eksaminasyon ay upang:

- Suriin ang iyong pisikal na kalusugan;
- Magbigay ng anumang kinakailangang medikal na paggagamot; at
- Mangolekta ng ebidensya.

### Ano ang kasama sa eksaminasyon:

- Pahintulot: Kakailanganin ng provider ang pahintulot bago simulan ang pag-eksamin. Hihilingin din nila ang iyong permiso para gawin ang iba't ibang bahagi ng eksaminasyon.
- Kasaysayang Medikal: Tatanungin ka ng provider ng mga katanungan tungkol sa nangyari sa panahon ng panghahalay. Ang mga katanungang ito ay makakatulong upang gabayan ang iba pang bahagi ng eksaminasyon. Ang pasyente, isang magulang o tagapag-alaga, o iba pa ay maaaring magbigay ng mga sagot.
- Pisikal na Pag-eksamin: Susuriin ng provider ang iyong katawan mula ulo hanggang paa. Susuriin nila ang anumang mga pinsala at tutulong sa pagtukoy ng mga posibleng pagmumulan ng ebidensya.Maaaring kabilang din dito ang maingat na pag-eksamin sa mga pribadong bahagi ng katawan (ari at butas ng puwit).

- Pagkuha ng mga Larawan: Hihilingin ng provider na kumuha ng mga larawan o video recording ng iyong katawan kung saan maaaring mayroon kang pinsala, pananakit, o potensyal na mapagkukunan ng ebidensya.
- Pangongolekta ng Ebidensya: Gagamitin ng provider ang Illinois State Police Sexual Assault Evidence Collection Kit upang mangolekta ng posibleng ebidensya mula sa iyong katawan. Depende sa impormasyong ibinigay sa panahon ng kasaysayang medikal, maaaring kunin ng provider ang iyong damit at i-swab ang iyong bibig, buhok, balat, mga kuko, ari o butas ng puwit.Ang provider ay magsusuot ng net sa buhok, facemask, gown, takip ng sapatos at madalas na magpapalit ng kanilang guwantes sa panahon ng eksaminasyon.
- Sistema ng Pagsubaybay sa Ebidensya:Mayroong isang sistema ng pagsubaybay sa ebidensya upang mabigyan ka ng impormasyon sa katayuan ng ebidensya ng sekswal na panghahalay na nakolekta sa pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan. Bago umalis sa pasilidad, makakatanggap ka ng K-number at 6-digit na pin. Ang impormasyong ito ay maaaring gamitin upang tingnan ang katayuan ng ebidensya sa sistema ng pagsubaybay. Kung mawala mo ang iyong K-number o 6-digit na pin, maaari mong kontakin ang ahensya ng law enforcement na humahawak sa iyong kaso at ibibigay nila sa iyo ang K-number at 6-digit na pin.
- Pagsusuri sa Droga at Alkohol: Tatanungin ng provider kung ikaw ay gumamit ng droga o uminom ng alak o nagkaroon ng anumang mga sintomas ng paggamit ng droga o alkohol tulad ng pagduduwal, pagsusuka, black out, o pagkawala ng memorya. Ito ay upang mag-screen para sa posibilidad na ang sekswal na panghahalay o pang-aabuso ay ginamitan ng droga o alkohol.Upang matiyak ang wastong pangangalagang medikal, dapat kang maging tapat tungkol sa anumang droga na iyong ginamit o alkohol na iyong ininom o anumang mga sintomas na mayroon ka. Ang ihi o dugo na nakolekta para sa eksaminasyon sa sekswal na panghahalay ay hindi gagamitin laban sa iyo para sa anumang pagkakasala na may kaugnayan sa paggamit ng alkohol o droga.
- Medikal na Paggagamot: Gagamutin ng provider ang anumang medikal na alalahanin. Susuriin ka rin nila para sa mga sakit na nakukuha sa pakikipagtalik kabilang ang HIV at bibigyan ka ng anumang mga kinakailangang gamot. Kung naaangkop, susuriin ka ng provider para sa posibilidad ng pagbubuntis at magbibigay ng mga gamot upang maiwasan ang pagbubuntis.
- Discharge at Follow-up: Tatalakayin sa iyo ng provider ang mga inirerekomendang follow-up na appointment at pagsusuri. Makakatanggap ka rin ng impormasyon tungkol sa tulong pinansyal.

## Mga Batang wala pang 13 Taong Gulang

Ang isang bata ay makakatanggap ng pag-eksamin mula ulo hanggang paa na katulad ng kanilang regular na checkup sa opisina ng doktor. Maaaring tingnan ng provider ang labas ng ari at puwitang bahagi ng bata upang suriin kung may mga pinsala at upang mangolekta ng ebidensya. Walang ipapasok sa puwerta o tumbong ng isang bata. Mahalagang malaman na karamihan sa mga bata ay may normal na eksaminasyon, ngunit hindi ito nangangahulugan na hindi naganap ang krimen.

## Pagpayag sa isang Medikal na Porensikong Eksaminasyon

Sinuman anuman ang edad ay maaaring pumayag sa o tanggihan ang isang medikal na porensikong eksaminasyon at pangongolekta ng ebidensya. Hindi maaaring daigin ng magulang o tagapag-alaga ang desisyon ng pasyente. Kung papayag ka sa eksaminasyon, tatanungin ka pa rin ng provider kung ayos lang na magpatuloy sa bawat hakbang ng eksaminasyon. Maaari mong ihinto ang eksaminasyon anumang oras o laktawan ang anumang bahagi ng eksaminasyon. Ikaw ang may kontrol sa kung ano ang mangyayari.

Kung ang pasyente ay hindi makapagbibigay ng pahintulot dahil sa edad o katayuan sa pag-iisip, maaaring magbigay ng pahintulot ang isang magulang o tagapag-alaga. Ang provider ay maaari ring magbigay ng mga serbisyo sa ilalim ng Consent by Minors to Health Care Services Act, Health Care Surrogate Act, o iba pang mga batas ng estado at pederal. Kung ang isang magulang o tagapag-alaga ay pumapayag sa isang medikal na porensikong eksaminasyon at pagkolekta ng ebidensya para sa isang bata o ibang tao, hihingin pa rin ng provider ang pahintulot ng pasyente na gawin ang bawat bahagi ng eksaminasyon. Ang isang eksaminasyon ay hindi ipipilit sa isang pasyente at ang isang pasyente ay hindi kailanman pipigilin o bibigyan ng gamot upang makumpleto ang isang eksaminasyon.

Kung pumayag ka sa isang medikal na porensikong eksaminasyon at pagkolekta ng ebidensya, hindi mo kailangang iulat ang sekswal na panghahalay o pang-aabuso sa pulisya. Gayunpaman, dapat ipaalam ng ospital sa pulisya na ang isang krimen ay naganap. Hindi kailanman ibibigay ng ospital sa pulisya ang iyong personal na impormasyon nang walang pahintulot mo. Kung ang pasyente ay wala pang 18 taong gulang, kailangang abisuhan ng ospital ang Department of Children and Family Services (DCFS). Kung ang pasyente ay higit sa edad na 59 o isang indibidwal na may mga kapansanan sa pagitan ng edad na 18-59 at hindi kayang iulat ang sarili, kailangang abisuhan ng ospital ang Department of Aging. Maaaring kontakin ng DCFS o ng Department of Aging ang mga nagpapatupad ng batas.

## Pangongolekta ng Ebidensya

Bagaman ang isang pisikal na pag-eksamin ay laging mahalaga upang matiyak ang iyong kalusugan, ang pagpili na ipakolekta ang ebidensya ay isang personal na desisyon. Ang ebidensyang nakolekta ay ginagamit para sa mga layunin ng pagsisiyasat. Ang pagkakataong makahanap ng ebidensya, kabilang ang dugo, tamod o laway, ay nakasalalay sa ilang bagay kabilang ang uri ng sekswal na panghahalay o pang-aabuso, kung pinalitan mo ang iyong mga damit pagkatapos ng sekswal na panghahalay o pang-aabuso, at ang tagal ng panahon mula nang naganap ang sekswal na panghahalay o pang-aabuso.

Maaaring hindi ka handa na ipakolekta ang ebidensya kaagad at iyon ay sarili mong pasya. May karapatan kang magpa-eksamin at ipakolekta ang ebidensya anumang oras pagkatapos ng sekswal na panghahalay o pang-aabuso, ngunit habang lumilipas ang panahon, mas maliit ang posibilidad na makahanap ng ebidensya. Mahalaga ring malaman na hindi lahat ng kit ay maglalaman ng ebidensya pagkatapos makumpleto ang pagkolekta, ngunit hindi iyon nangangahulugan na hindi naganap ang isang krimen.

| Mga Salik na Dapat Isaalang-alang kapag Nagpapasya Kung Pahihintulutan ang Pagkolekta ng Ebidensya | | |
|---|---|---|
| | **Hinihikayat ang pangongolekta ng ebidensya kapag:** | **Maaari pa ring isagawa ang pangongolekta ng ebidensya kapag:** |
| **Mga Batang Hindi pa Nagdadalaga/Nagbibinata** ***[Prepubescent]*** Isang bata na hindi pa nakabuo ng pangalawang katangian ng kasarian tulad ng pagtubo ng bulbol o buhok sa kili-kili, paglaki ng dibdib, o hindi pa nagkaroon ng kanilang unang regla. | Ang sekswal na pang-aabuso o panghahalay ay naganap o maaaring naganap sa nakalipas na 96 na oras. | Ang sekswal na pang-aabuso o panghahalay ay naganap higit sa 96 na oras na ang nakalilipas ngunit sa loob ng nakaraang 7 araw at ang pasyente, magulang o legal na tagapag-alaga ay nais na ipakolekta ang ebidensya. Ang bawat kaso ay susuriin batay sa ibinigay na kasaysayan. |
| **Mga Nagdadalaga/Nagbibinata** ***[Adolescents]*** **at Matatanda** Isang indibidwal na nakabuo ng pangalawang mga katangian ng kasarian, nagkaroon ng kanilang unang regla o 18 taong gulang o higit pa. | Ang sekswal na pang-aabuso o panghahalay ay naganap sa nakalipas na 7 araw. | Ang sekswal na pang-aabuso o panghahalay ay naganap mahigit 7 araw na ang nakalipas. Ang bawat kaso ay susuriin batay sa kasaysayang ibinigay ng pasyente o ng iba. |

## Pangangalagang Medikal sa isang Transfer Facility

Kung una kang nagpakita sa isang transfer facility, ang ilan sa mga opsyon sa pag-eksamin ay maaaring wala. Maaaring wala kang access sa isang espesyal na sinanay na provider o porensikong pagkuha ng mga larawan. Hindi ka magkakaroon ng access sa isang kit sa pangongolekta ng ebidensya, sa sistema ng pagsubaybay sa ebidensya o garantisadong libreng follow-up na pangangalagang pangkalusugan sa loob ng 180 araw. Dapat kang makatanggap ng komprehensibong medikal na pag-eksamin at paggagamot nang walang bayad kung pipiliin mong manatili sa transfer facility para sa mga serbisyo.

## Mga Benepisyo at Mga Panganib sa Pagkolekta ng Ebidensya

- **Wala kang babayaran.**Hindi ka dapat personal na sisingilin para sa eksaminasyon.

- **Maaari kang magkaroon ng panahon upang magpasya kung nais mong mag-ulat.** Ang desisyon na iulat ang krimen ay ganap na nasa iyo. Maaaring mangailangan ng ilang panahon upang magpasya kung ano ang gagawin. Ang pagkakaroon ng medikal na porensikong eksaminasyon ay tumitiyak na ang anumang porensikong ebidensya ay ligtas na mapapangalagaan kung magpasya kang mag-ulat sa ibang pagkakataon. Mayroon kang hanggang 10 taon pagkatapos ng panghahalay o hanggang sa iyong ika-28 na kaarawan, alinman ang mas matagal, upang ipa-test ang ebidensya.

- **Pinapataas nito ang posibilidad ng pag-uusig.** Ang kahalagahan ng ilang uri ng ebidensya sa mga kaso ng sekswal na panghahalay at pang-aabuso ay hindi matatawaran.Maaari itong makaapekto sa kahihinatnan ng isang kaso at maaari ring pigilang mangyari ang mga krimen sa hinaharap.

- **Mahalaga ang iyong kalusugan. Ang sekswal na panghahalay ay maaaring makaapekto sa iyong pisikal na kalusugan.** Maaari kang magkaroon ng mga pinsala at trauma na nauugnay sa panghahalay o pang-aabuso na hindi agad nakikita. Sa panahon ng eksaminasyon, maaari kang makakuha ng paggamot para sa mga pinsalang ito, makatanggap ng pang-iwas na paggagamot para sa mga sakit na nakukuha sa pakikipagtalik, at makakuha ng agarang kontrasepsyon upang maiwasan ang pagbubuntis.

- Ang pagkolekta ng ebidensya at ang pag-eksamin ay maaaring tumagal ng mahabang panahon. Maaaring mahirapan ka o masumpungang hindi kaaya-aya na maging kasangkot sa gayong mahabang eksaminasyon.

**Para sa higit pang impormasyon, kontakin ang Office of the Attorney General Violence Prevention and Crime Victim Services Division 115 S. LaSalle St.
Chicago, Illinois 60603
(800) 228-3368**

**Maaaring makipag-ugnayan sa amin ang mga indibidwal na may kapansanan sa pandinig o pagsasalita sa pamamagitan ng paggamit ng 7-1-1 relay service.**

KWAME RAOUL
ILLINOIS ATTORNEY GENERAL

Alinsunod sa 410 ILCS 70/10(c), ang Sexual Assault Nurse Examiner Program ng Office of the Illinois Attorney General, sa pakikipagkonsulta sa mga kwalipikadong medikal na provider, ay lumikha ng paksang ito.